

GovCloud, GovMail ng DOST, magagamit upang maging epektibo ang serbisyo ng pamahalaan

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, DOST-STII

GovCloud at GovMail, ay dalawa sa mga bagong sistema na dinevelop ng Department of Science and Technology (DOST) upang matulungan ang mga opisina ng pamahalaan na makapaghatid ng mas mabilis at mas epektibong serbisyo sa mamamayan gamit ang internet.

Kabilang ito sa limang proyekto ng programang iGovPhilippines na inilunsad ng Advanced Science and Technology Institute (DOST-ASTI) at Information and Communications Technology Office (DOST-ICTO) kamakailan sa National Computer Center sa Diliman, Quezon City.

Layunin ng nasabing programa na pag-isahin ang lahat ng serbisyong ibinibigay ng iba't ibang tanggapan ng pamahalaan upang mas mapaunlad at mapangalagaan ang mga ito.

Sa pamamagitan nito, mas mahihikayat ang mga tanggapan ng pamahalaan na dalhin ang karamihan ng kanilang serbisyo sa internet upang mas mapabilis at mapaayos ang paghahatid nito sa publiko, isa sa susi sa pagpapaunlad ng bansa.

Sa tulong ng GovCloud, sa halip na tradisyunal na sistema ng Information Technology, ang mga opisina ng pamahalaan ay hihikayatin na gumamit ng aplikasyon na

sundan sa pahina 2

Neo-ethnic textile ng DOST-PTRI, ang habi ng makabagong panahonp3

DOST-STARBOOKS, abot kamay na sa CAR, Romblon, N.Oriental at Masbatep4

Larawanewsp4

Testing lab ng DOST, palalakasin ang industriya ng Phl semicon

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII



Inilunsad kamakailan ni Pangulong Benigno Simeon Aquino III at Department of Science and Technology (DOST) Secretary Mario G. Montejo ang kauna-unahang test facility na Advanced Device and Materials Testing Laboratory (ADMATEL) para sa industriya ng electronics at semiconductor kung saan ay maaaring makinabang ang Pilipinas sa tinatayang kikitain na \$50 bilyon sa taong 2016.

Wika ni Pangulong Aquino, ang pamahalaan ay patuloy na susuporta sa paglago ng industriya upang ito ay magkaroon ng kakayahang makagawa ng sariling disenyo, maging ang pagsusuri ng

mga electronic component. Dagdag pa niya na ang pagkakaroon ng Philippine Product Development Center sa pamamagitan ng DOST ay isang malaking hakbang tungo sa pagkakaroon ng kakayahang magsuri at gumawa ng prototype ng mga electronic device.

"Companies no longer have to go abroad to do their testing because ADMATEL is now in our own backyard," pahayag ni Pangulong Aquino.

Samantala, ikinagalak naman ni Sec. Montejo at inihayag na ang ADMATEL ay simula ng pag-angat ng bansa sa pandaigdigang merkado ng electronics at semiconductor. Aniya, ang pagpapasinaya ni Pangulong

sundan sa pahina 2

In celebration of the 2013 National Science and Technology Week



Science, Technology and Innovation:
The Road to a Smarter Philippines

23-27 July 2013 SMX Mall of Asia, Pasay City



Pinangasiwaan ni DOST Secretary Mario G. Montejo (kaliwa) at Dennis F. Villoriente, direktor ng ASTI ang paglulunsad ng limang produkto ng proyektong iGovPhilippines sa National Computer Center sa Diliman, Quezon City. Layunin ng proyektong iGovPhilippines na mahikayat ang lahat ng tanggapan ng pamahalaan na dalhin ang kanilang serbisyo sa internet upang maihatid ito ng mas maayos at mabilis sa publiko, na isa sa susi upang palakasin ang ekonomiya ng bansa. Dagdag pa rito, ang lahat ng kanilang serbisyo ay sasailalim sa isang sistema upang mas mapaunlad at mapangalagaan ito. (Larawan mula sa DOST-ICTO)

tinatawag na cloud computing upang mas masiguro ang seguridad ng kanilang mga serbisyong isinasagawa sa internet.

Isang sa halimbawa ng cloud computing ay ang Google, kung saan maaaring maglagak dito ng iba't ibang dokumento at aplikasyon katulad ng electronic mail. Ngunit dahil bukas ito sa publiko at kahit sino ay maaaring maging bahagi ng cloud na ito, walang katiyakan ang seguridad ng mga dokumentong inilalagay dito.

Para maiwasan na gamitin ang ganitong pampublikong cloud at mapangalagaan ang mga transaksyon na isinasagawa sa pagitan ng mamamayan at ng mga ahensya ng pamahalaan, binuo ang GovCloud kung saan ang mga kawani lamang ng pamahalaan ang maaaring makagamit nito.

"With the GovCloud, agencies can maximize their resources and significantly reduce operating costs as they only use server resources when they need it, and when server load is high they can be allocated additional resources almost instantly," pahayag ni DOST Undersecretary Louis Napoleon Casambre, na siya ring namumuno ng ICTO.

Kabilang sa mga aplikasyon ay ang GovMail (Government E-mail), web hosting at

payment gateway application, gayundin ang project management, storage cloud, VoIP, at government portal.

"Sa pamamagitan nito may kasiguraduhan na tanging empleyado lamang mula sa ahensya ng pamahalaan ang kausap natin dahil ang domain name na ginagamit ay ang pangalan ng ahensya at karugtong nito ay ang domain extension na gov.ph", wika ni Emman Balintec, isa sa mga bumuo ng GovMail.

Dagdag pa niya, mas mapapangalagaan ang mga account at iba pang dokumentong inilalagak dito dahil isang grupo lamang ang mangangasiwa sa mga ito.

Ayon kay Dennis Villoriente, direktor ng DOST-ASTI at siyang pinuno ng programa, sa pamamagitan ng Public Key Infrastructure, isa sa bahagi ng programang iGovPhilippines ay mabigyan ng karagdagang seguridad ang mga transaksyon sa internet dahil sa paggamit ng dual keys sa pagsara at pagbukas ng mga dokumento.

Bukod sa GovCloud, GovMail at PKI bahagi rin ng proyektong iGovPhilippines ang Government Website Template at Agency Records Inventory System. (*Impormasyon mula kay Roy Espiritu, DOST-ICTO*).

Aquino ay nagpapakita ng pagkilala nito sa mga kontribusyon ng DOST sa pagpapalago ng pambansang ekonomiya.

Sa kabilang dako, kinilala naman ni Semiconductor and Electronics Industry in the Philippines Inc. (SEIPI) President Dan Lachica ang malaking bahagi na ginampanan ng DOST upang pagyabungin ang industriya sa pamamagitan ng mga sopistikadong kagamitan mula sa ADMATEL.

Pahayag niya na dahil sa ADMATEL ay mapapalakas ang industriya ng electronics at semiconductor sa pamamagitan ng pagkakaroon ng world-class analytical testing laboratory na inaasahang magpapababa ng halaga ng mga pagsusuring ginagawa sa ibang bansa at magpapa-ikli ng proseso ng produksyon.

Dagdag pa ni Lachica na hihigitan pa ng ADMATEL ang mga kagamitan sa mga testing facility ng ibang bansa.

Ayon kay Antonio Villaflor, pinuno ng STMICROELECTRONICS, mayroon silang dinalang electronic chip upang suriin sa ADMATEL ng ito ay hindi gumana. Matapos ang pagsusuri ay napag-alamang hindi makapal ang bahaging mayroong palladium. "You don't discover that by making guess work. You'll discover that by coming over here (ADMATEL) and utilizing the TOF SIMS in order to determine how much precisely [is] the palladium on top of the surface to the level of nanometers," pahayag ni Villaflor.

Matapos malaman ang sanhi ng problema, ibinahagi ni Villaflor na sinimulan na ng kumpanya ang paggawa ng hanggang sa 250 kilo pieces kada araw. "With ADMATEL, we already have a success story as early as the first quarter," wika ni Villaflor.

Ang isa pang sopistikadong kagamitan ng ADMATEL ay ang Time-of-Flight Secondary Ion Mass Spectrometer, o TOF SIMS, na ginagamit sa pagsusuri ng molecular at elemental na bahagi ng isang electronic component.

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO

Copy Editor

JAMES B. INTIA

Layout

JUDITH L. SABLAN

Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng institusyon ng impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

www.stii.dost.gov.ph

Neo-ethnic textiles ng DOST-PTRI, ang habi ng makabagong panahon Iniaangat ang produktong Pilipino sa pandaigdigang pamilihan

Ni Rodolfo P. de Guzman
S&T Media Service, DOST-STII

Bilang tugon ng Department of Science and Technology (DOST) at ng sangay na ahensiya nito na Philippine Textile Research Institute (PTRI) sa hamon ng palagiang pagbabago sa industriya ng textile at ng fashion ay nagsagawa ang PTRI ng isang kumperensya na tinawag na "2013 Neo-ethnic Philippine Textiles Conference" noong Hunyo 11, 2013 sa Heritage Hotel sa Maynila.

Ang naturang kumperensya ay isa sa mga bunga ng dalawang taong programa ng PTRI na nagsaliksik at nagsuri ng iba't-ibang uri ng materyal o tela at mga pangkulay o natural dyes na hango sa mga halamang likas sa Pilipinas.

Ang "neo-ethnic" textiles ay tumutukoy sa mga natural at katutubong materyales na galing at ginagawa sa Pilipinas gamit ang mga makabagong teknolohiya na hindi makasisira ng kalikasan ng mga spinners, dyers, weavers at artisan habang pinanatili ang tradisyunal na mga disenyo, patterns, icons, at motifs at makapagdudulot ng karagdagang kabuhayan upang mapalago ang industriya ng textile sa bansa.

Pinakita sa kumperensya na ang kultura, tradisyon at mga paniniwala ay malaki ang impluwensya sa disenyo at paggawa ng tela at kasuotan ng mga katutubong tribo sa bansa. Madalas pang may mga kaakibat na ritwal sa paggawa ng mga tela na may mga disenyong naglalarawan ng paniniwala, ng kalikasan at ng pang-araw-araw na pamumuhay.

"Textile weaving having been born and nurtured in agriculture has design patterns and motifs associated with rice cultivation," pahayag ni Dr. Norma A. Respicio, propesor sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman at isa sa mga panauhing tagapagsalita.

Sa isang banda, inihayag ni G. Julius L. Leano, Jr., project leader at Chief ng Chemicals, Dyes, Auxiliaries at By-product Utilization Section ng PTRI, na sa paggamit ng natural dyes ay makaangat ang produktong Pilipino sa pandaigdigang merkado.

"The neo-ethnic textile is a 2-year materials development project of PTRI. We want to develop a line with a new class of its own and not to replace existing ones," sabi ni Leano Jr.

Ang iba pang teknolohiya na itinuro ng proyekto sa mga komunidad sa Ilocos region, Abra, Iloilo, South Cotabato, Bukidnon



at Maguindanao ay ang mga sumusunod: pagkuha at paggawa ng natural dyes, enzyme treatment technologies, top dyeing technology at silk screen printing.

Ang isa sa magandang nangyari sa kumperensya ay ang pakikibahagi ni Myla Carcasona, pangulo ng Kalandang Weavers sa Impasu-ong, Bukidnon, ng kanilang karanasan sa DOST-PTRI.

"Nagpapasalamat kami sa PTRI, higit pa kay Sir Julius na nagtiyaga na turuan kaming gumamit ng natural dyes galing sa dahon ng bayabas, dilaw na luya at talisay. Ngayon ay lalong gumanda ang aming gawa kaya't naibebenta na namin ng mas mahal sa P150 bawat metro mula sa dating P30 bawat metro," salaysay ni Myla. Ngayon si Myla ay nagtuturo na din ng proseso ng natural dye at isa sa mga natulungan niya ay ang Sunflower



Ibinahagi ng DOST-PTRI sa pamamagitan ng isang fashion show ang iba't ibang likha mula sa neo-ethnic textile. Ang neo-ethnic textile ay tumutukoy sa mga katutubong materyales na hinabi gamit ang makabagong teknolohiya at proseso. (Larawan mula sa DOST-PTRI)

Weavers ng Bukidnon na ngayon ay nagluluwa na ng produkto nila sa ibang bansa.

Ang kumperensya ay nagtapos sa isang masigla at makulay na fashion show kung saan ipinarada ang mga kasuotang pang-araw-araw, pang-uniporme, kaswal at pormal gamit ang mga katutubong tela tulad ng Inabel ng Ilocos, Tiniri ng Abra, Hablon ng Iloilo, T'nalak ng South Cotabato, Inaul ng Maguindanao, pineapple knitwear ng NCR at ang Hinabol ng Bukidnon.

DOST-STARBOOKS, abot-kamay na sa CAR, Romblon, Negros Oriental at Masbate

Ni Allan Ace Aclan
S&T Media Service, DOST-STII

Tumanggap na ng STARBOOKS, ang kauna-unahang digital science library sa Pilipinas na binuo ng Department of Science and Technology – Science and Technology Information Institute (DOST-STII), ang rehiyon ng Cordillera at mga probinsya ng Romblon, Negros Oriental at Masbate nitong Marso at Abril ng taong 2013.

Ang STARBOOKS, Science and Technology Academic and Research-Based Openly Operated Kiosk Station, ay isang stand-alone kiosk na maaring magamit kahit walang koneksyon sa internet at tinaguriang “library in a box”.

Ang STARBOOKS ay naglalaman ng mga digitized material tulad ng mga textbook, at audio-video material na mayroong iba’t ibang impormasyon tungkol sa agham at teknolohiya. Kabilang dito ay ang mga impormasyon sa food and nutrition, kalusugan, gamot, emerging technology, enerhiya, kapaligiran, kabuhayan, teknolohiya at mga investigatory project.

Samantala, pinangunahan ni DOST Regional Director Tomas Briñas ang turnover ceremony ng STARBOOKS sa Masbate. Ang mga beneficiary ng nasabing teknolohiya ay ang Masbate National Comprehensive High School, Dr. Emilio B. Espinosa Sr. Memorial



Malugod na tinanggap nina DOST Provincial Science and Technology Director Bilshan Servañez (pangalawa mula kanan ng unang larawan) at G. Bobby Matira ng DOST Regional Office IV-B ang Science and Technology Academic and Research-Based Openly Operated Kiosk Station (STARBOOKS) mula sa DOST-Science and Technology Information Institute. Habang pinasinayaan naman ni Bb. Roslyn Tambago ng DOST PSTC-Dumaguete ang turnover ceremony ng STARBOOKS kay Bb. Gemma Tornelia ng Dumaguete City Library. Kasama rin sa larawan ay sina Bb. Geraldine Ducusin, Supervising Science Research Specialist at Bb. Lyn Bacani, Science Research Specialist II ng DOST-STII. (Larawan mula sa DOST-STII)

State College of Agriculture, at ang lokal na pamahalaan ng Aroroy.

Tumanggap naman ang lalawigan ng Negros Oriental, partikular ang Dumaguete City Public Library, maging ang mga lokal na pamahalaan ng Bayawan at Mabinay ng tatlong unit ng STARBOOKS matapos lumagda ang bawat opisyal mula sa DOST PSTC-Negros Oriental at Local Government Unit (LGU) ng Memorandum of Understanding.

Mahigit sa 70 kinatawan mula sa mga paaralan, opisina ng gobyerno at mga mamamahayag ang dumalo sa paglulusad ng STARBOOKS sa Provincial Science and Technology Center sa Romblon.

Ang STARBOOKS ay makatutulong sa mga mag-aaral at mga mananaliksik upang makakuha ng iba’t ibang impormasyong may kaugnayan sa agham at teknolohiya. Malaking tulong din ang STARBOOKS sa mga negosyante, magbubukid, at iba pa upang makakuha ng karagdagang kaalaman sa agham at teknolohiya.

Ayon kay Annie Lyn Bacani, administrative coordinator ng proyekto, ang STII ay pumili ng 20 lalawigan upang mabigyan ng STARBOOKS.

Gayunman, ang DOST-STII ay bukas sa mga institusyon at LGU na nagnana is magkaroon ng STARBOOKS sa kanilang kinasasakupan.



LarawaNEWS

Malugod na tinanggap ni Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo (gitna) ang pagdating sa bansa at ang kauna-unahan sa Timog-Silangang Asya, ng IBM Blue Gene Supercomputer na inaasahang magpapalakas ng kakayahan ng Pilipinas sa research and development. Ang nasabing supercomputer ay may kakayahang magsagawa ng mga komplikadong kalkulasyon na hindi kayang gawin ng isang ordinaryong computer. Ang Blue Gene supercomputer ay nakalaang gamitin upang mapaghusay pa ang early warning system para sa mas tamang pagtaya ng panahon at sa pananaliksik sa larangan ng genomics. Kasama rin sa larawan ay sina IBM Senior Vice President for IBM Systems & Technology Group and Integrated Supply Chain Tom Rosamilia (kaliwa) at University of the Philippines President Alfredo Pascual. (Kuha ni Ceajay Valerio. S&T Media Service, DOST-STII)